



Ang Lihim ni Dilis




Kuwento ni
TESSIE T. GEMENTIZA

Guhit ni
NELSON B. DIZOR








Kasanayan sa Pagkatuto

Read and count numbers from 1-10 (MKC-00-3).



Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Gementiza, Tessie T. *Ang Lihim ni Dilis*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Tessie T. Gementiza

Illustrator: Nelson B. Dizor


Learning Resource Managers: Djhoane C. Aguilar

Analiza C. Almazan


Panabo City


Region XI

Ang Lihim ni Dilis




Sa kailaliman ng dagat,
may isang nilalang na
napakatalino. Siya si
Dilis, isang isdang maliit.






Magaling siya sa lahat
ng mga asignatura.
Tuwang-tuwa ang
kanyang ama at ina sa
kanyang angking talino.







Isang araw, inabangan
si Dilis ng dalawa niyang
kaklase na sina Pating at
Butanding sa labas ng
silid-aralan.






“Ano ang lihim mo?
Bakit magaling ka sa
klase? May tinatago ka
ano?” sabi ni Pating.
“Wala!” sambit ni Dilis.







Isang gabi, sinundan
nina Pating at Butanding
si Dilis.


• “Ano kaya ang lihim
ng kagalingan ni Dilis?”
tanong ni Pating.






“Bulaga!” ginulat ni Dilis
sina Pating at Butanding.
Kanina pa pala niya sila
nakita. Gulat na gulat
ang mga ito.






“Bakit ninyo ako
sinusundan?”


“Gusto lang naming
malaman ang lihim mo
kung bakit ka magaling
sa klase,” sagot ni Butanding.





“Sinusunod ko lang ang
utos at mga paalala ng
aking mga magulang na
mag-aral nang mabuti,”
paliwanag ni Dilis.





“Puwede mo ba kaming
tulungan sa pagbibilang,
kaibigan?” sabi ni Pating.





“Oo naman! Tara,
umpisahan na natin!” sabi
ni Dilis.






“Isang dikya, dalawang
pugita, tatlong balyena,
apat na pusit at limang
alimango,” pagtuturo ni Dilis.







“Anim na galunggong,
pitong tuna, walong
butete, siyam na hipon at
sampung kabibe.”










Nagtiyaga sa
pagbibilang sina Pating at
Butanding hanggang sila
ay lubos na natuto.


Masayang-masaya ang
dalawa.






“Maraming salamat,
Dilis. Ngayon, alam na
namin ang iyong lihim.
Ang pagiging matiyaga
sa pag-aaral,” sambit nina
Pating at Butanding.






Simula noon, sabay na
sa pag-aaral ng mga
leksiyon ang tatlong
magkakaibigan.







Tungkol sa May-akda

Si Tessie T. Gementiza ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa Saint Mary's College Tagum City. Siya ay kasalukuyang nagtuturo sa unang baitang ng Mababang Paaralan ng San Francisco, Panabo City. Siya ay mahilig mag-compose ng tula, rap, hugot kwento at awit



Tungkol sa Tagaguhit

Si Nelson B. Dizor ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education Major in Social Studies sa Bukidnon State College taong 2006. Siya ay kasalukuyang nangtuturo ika-pitong baitang ng Maragusan National High School, Maragusan, Compostela Valley Province. Siya ay mahilig sa photography at graphic design.



ANG LIHIM NI DILIS

Si Dilis ay isang isdang maliit na magaling sa lahat ng asignatura.

Gustong malaman ng mga kaklase niyang sina Pating at Butanding kung paano niya ito nagawa.

May inilihim nga ba si Dilis?

Alamin ang sekretong mabubunyag sa kuwento.

